

Angat Ani



*Aangat ang ani at kita
sa paggamit ng tamang
makinarya*



Kada tatlong buwan na lathalain ng PHilMech para sa mga balitang Rice Mechanization

Tomo 6 Blg. 3

Hulyo-Setyembre 2017

Makinadong pagsasaka itinampok sa Makina Expo

Pinangunahan ng Kagawaran ng Pagsasaka ang pag-iging ng makinadong pagsasaka sa ika-5 Makina Expo na ginanap sa Iloilo City noong ika-7 hanggang 9 ng Setyembre 2017. Lumahok dito ang mahigit 2,000 na magsasaka mula sa iba't ibang rehiyon upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa mga modernong makinarya at teknolohiya sa agrikultura.

Dinaluhan ito nina Senator Cynthia A. Villar at DA Secretary Emmanuel F. Piñol na silang nagbukas at nagpasinaya sa tatlong araw na eksposisyon.

Pinuri ni Senator Villar, chair ng Senate Committee on Agriculture and Food, ang expo bilang isang magandang pagkakataon para matutunan ng mga magsasaka ang mekanisasyon sa pagsasaka na makatutulong upang makasabay sila sa pagsasaka ng mga karatig bansa at upang madagdagan ang kanilang kita.



Si Sen. Cynthia A. Villar (nakatayo) kasama sina (mula kanan) Negros Occidental 2nd District Representative Leo Rafael M. Cueva, DA Secretary Emmanuel F Piñol, Iloilo Governor Arthur Defensor at Davao del Sur 1st Representative Mercedes C. Cagas habang ibinabahagi sa mga magsasaka ang kahalagahan ng pagkukumpuni at pagmementina ng makinarya.

Binigyang diin ni Villar ang kahalagahan ng pagkukumpuni at pagmementina ng makinarya at hinikayat niya ang mga magsasaka na ituring ang pagsasaka bilang isang “business” o negosyo.

“...Hindi kayo farmers lang, you are small businessmen at ang inyong mga farm are your small businesses. Kaya dapat ino-operate (niyo) ‘yung farm

as a business kasi it’s the only way you will earn,” sabi ng senador.

Sa kabilang banda, ibinahagi at ipinakilala ni DA Sec. Piñol ang mas rasyonal na programa sa mekanisasyon na tinaguriang “Makinadong Pagsasaka.” Kaakibat nito ang pagsasanay ng mga organisadong grupo ng magsasaka sa tamang paggamit at

“Maayong” RESULTA SA tamang PROSESO AT PAGMEMENTINA

NI CHRISTINE V. ANG

(Ang kwento ng SAN D' MIL Irrigators Association, Inc. ng Dagohoy, Bohol)

Ang flatbed dryer ay mekanikal na patuyuan ng palay na ginagamitan ng biomass furnace. Ito ay mainam na alternatibong patuyuan lalo na sa panahon ng tag-ulan.

Ang FBD sa Dagohoy, Bohol

Taong 2008 nang unang maibahagi ang flatbed dryer sa munisipalidad ng Dagohoy.

Kwento ni Peter Calamba, municipal agricultural officer ng Dagohoy, may tatlong yunit ng flatbed dryer ang unang nai-install sa kanilang lugar. At isa ang grupo ng SAN D' Mil Irrigators Association, Inc. ng Barangay San Miguel sa mga nabahagian nito.

Ang SAN D' MIL o San Dagohoy Miguel Irrigators Association, Inc. ay itinatag noong June 18, 2004. Mithiin nitong umunlad ang buhay ng mga magsasaka at makatulong sa bawat miyembro ng kanilang binuong samahan.

Ang pagdating ng FBD sa SAN D' MIL

Kwento ni Tereso C. Cruda, president ng SAN D' MIL, hindi bumibili ng basang palay ang mga middle man noon sa kanilang lugar. Dahil na rin sa mahirap

at tiyempuhang pagbibilad ng palay sa ilalim ng sikat ng araw, malaking problema ng mga magsasaka ang pagpapatuyo ng kanilang ani.

“Noong wala pang flatbed, naghihintay lang kami ng araw para makapagpatuyo ng palay. (At kung abutin ng ilang araw na hindi gumaganda ang panahon), *manurok* (sisibol) o *madaot* (masira) na ang palay namin,” ani Cruda.

Dagdag pa niya, walang kikitain at walang pambayad utang ang mga magsasaka kung hindi sila magtitiyagang magpatuyo ng kanilang ani. Kaya't, kanya-kanyang paraan ang mga magsasaka noon para lang makapagpatuyo ng palay.

Salaysay pa ni Cruda, sa loob ng bahay daw nila tinutuyo ang kanilang ani kung maulan, “Inilalatag namin o ini-*air-dry* 'yung palay. Itinatapat namin sa bentilador doon sa loob ng bahay.”

Dahil dito, ang pagdating ng flatbed dryer sa kanilang lugar ay itinuturing nilang malaking tulong sa mga magsasaka lalo na't sadyang maulan sa kanilang lugar at kung minsan pa'y tumitiyempong maulan kung panahon ng anihan.

Ang benepisyong dulot ng FBD sa SAN D' MIL

Noong 2008 nang makatanggap ang SAN D' MIL ng flatbed dryer. Ito ang kauna-unahang makinaryang natanggap nila mula nang sila ay naorganisa.

Ayon kay Arlan M. Calabio, auditor ng SAN D' MIL at isa sa mga operator ng flatbed dryer, sa unang beses ng paggamit ay hindi kaagad naging maayos ang pagpapatuyo nila ng palay. Inabot ng magdamag o halos 12 hanggang 24 oras ang unang salang nila ng palay.

Hindi pala gaanong tuyo ang ipa o panggatong na nagamit kaya naman hindi ito napagbaga at

hindi nakapaglabas ng sapat na init.

Bagamat hindi nila agad nakuha ang tamang pagpapatuyo, hindi nagpatalo ang SAN D' MIL para magamit ng tama ang flatbed dryer.

Dahil na rin sa mga naging karanasan at natutunan mula sa mga training, itinanghal ang SAN D' MIL bilang isa sa may pinakamaraming tinuyong palay sa loob ng isang taon gamit ang flatbed dryer. Noong May 22, 2013, pinarangalan ng PHilMech ang samahan dahil sa makabuluhan at aktibong suporta nito sa paggamit ng *flatbed drying system*.

Ayon kay Cruda, ang cooperation, transparency at unity sa loob ng samahan ang ilan sa mga dahilan ng magandang performance nila.

"Kung wa ang unity, wa'y maayong resulta (Kung walang unity, walang magandang resulta)," sambit niya.

At dahil sa natatanging paggamit ng flatbed dryer, napalago ng samahan ang kanilang pondo at nakapagpundar ng mga kagamitan na pinakikinabangan ng bawat miyembro.

"Dahil sa kinita namin sa flatbed dryer, nakapagpatayo kami ng opisina. Ito ang malaking souvenir at asset ng SAN D' MIL," pagmamalaki ni Cruda.

Dagdag pa ni Marykyl Cruda, isa sa mga board of directors (BOD) ng samahan, "Nakapagbibigay rin kami ng t-shirt sa mga member per assembly dahil malaki na ang pondo na nakukuha namin sa

"Malaki talaga ang naitulong ng flatbed sa aming farmers. (Sa kabuhayan namin) dati noong wala pang flatbed, nabubulukan kami ng palay. Ngayon, nabebenta na agad 'yung mga ani naming palay."

flatbed dryer. May pa-souvenir pa kami at kung minsan may pa-lunch at snacks pa."

"Galing lahat 'yon sa flatbed!" sang-ayon naman ni Leonardo Ecat, vice president ng samahan.

Dagdag pa ni Ecat, "Malaki talaga ang naitulong ng flatbed sa aming farmers. (Sa kabuhayan namin) dati noong wala pang flatbed, nabubulukan kami ng palay. Ngayon, nabebenta na agad 'yung mga ani naming palay."

Ang suliranin ng SAN D' MIL

Ngunit tila hindi naging sapat ang sikap at determinasyon ng samahan laban sa mga pagsubok na hindi maiiwasan ng sinuman.

Noong nakaraang taon lamang, kumalat sa kanilang lugar ang balita na lahat ng palay na pinatuyo sa flatbed dryer ay madaling madurog. Dahil dito naapektuhan ang patuyuan at ang mga miyembro ng samahan.

"Hindi tinatanggap 'yung palay namin kapag nalaman nilang tinuyo namin 'yon sa flatbed. Kasi nagiging broken rice daw 'yung bigas," kwento ng operator na si Calabio.

Dagdag pa niya, "Maraming tindahan din ang nagsasabing hindi sila bibili ng bigas na tinuyo sa flatbed dryer. (Kaya 'yung mga magsasaka) ibibilad nalang daw nila sa araw 'yung palay nila. Kaso paano na kung wala namang araw? ... (Para sa akin) depende talaga sa operator (ng FBD) 'yan, may operator na malakas 'yung ginagamit na apoy."

Ayon kay Cruda, "Mayroong nangyari sa ibang flatbed dryer na *nagpapa-uga* (nagpapatuyo) ng palay na hindi pina-follow 'yung tamang oras ng pagpapatuyo. Masira 'yung rice, mababa 'yung presyo, *madugmok* (madurog)!"

Dahil sa ilang operator na minamadali ang pagpapatuyo ng palay para lamang makarami ng maseserbisyuhan, naapektuhan ang lahat ng mayroong flatbed dryer sa lugar.

Payo ng BOD na si Cruda, "Dapat sana sundin 'yung procedure kasi nadadamay 'yung sa amin

sundan sa pahina 4



Natutuwang ipinakita ng mga opisyal ng SAN D' MIL na sina (mula kaliwa) Isaias Ecat (BOD), Jocelyn Lacosta (treasurer), Tereso Cruda (president), Leonardo Ecat (vice-president), Arlan Calabio (auditor) at Marykyl Cruda (BOD) ang parangal na ibinigay ng PHilMech noong 2013.

Makinadong pagsasaka... mula sa pahina 1

pagmementina ng mga makinarya upang sila'y magsilbing operator at service providers.

Tinalakay din ng kalihim ang tatlong pangunahing sangkap na kailangang pagtuunan ng pansin upang mas mapabuti ang industriya ng pagsasaka at ang buhay ng mga magsasaka sa bansa. Ito ay ang teknolohiya, pinansiyal at merkado para sa ani ng magsasaka.

"... Our mechanization program should also be rational. Hindi pwedeng basta bigay. That is why we are here today because we would like to introduce to you a new program which we call Makinadong Magsasaka," wika ni Piñol.

Kasabay din nito, ipinakita at itinanghal ng mga supplier at manufacturer ang mga makabagong

makinarya at teknolohiyang gamit sa produksyon, makatapos-ani at pagpoproseso para sa mga pananim, livestock at pangisdaan. Ang pagtatanghal na ito ay magkasabay na ginanap sa Iloilo Convention Center (ICC) at Western Visayas Integrated Agricultural Research Center (WESVIARC) sa Hamungaya, Jaro, Iloilo.

Bukod sa mga supplier, tinalakay ng mga eksperto ng PHilMech ang mga teknolohiya gaya ng local riding type rice transplanter, multi-purpose seeder, rice hull gasifier engine pump system, multi-row onion seeder, cassava digger at grain probe moisture meter.

Ibinahagi rin ng PHilMech ang mga pananaliksik na isinasagawa nito tulad ng *Use of Cacao Wastes for Industrial and Commercial Application*, *Drying Technologies for Fermented*

Cacao Beans at Bio-control Agents in Managing Crown-rot Disease of Bananas.

Bilang impresyon naman ng mga dumalo, naghayag si Dipolog City Agriculturist Kerr N. Porlas.

"We are happy that we're invited because I think this is the time that we really need to mechanize. This (Makina Expo) is a great example and guide for us in implementing the mechanization program... Ang challenge ngayon ay ang pagbalik natin sa ating mga lugar, kung paano natin ma-iimplement itong mga makinarya (at ang programa sa mekanisasyon)."

Samantala, may kabuuang 86 exhibitors ang nakiisa at nagpakita ng mga pinakabagong teknolohiya at makinaryang gamit sa pagsasaka at maging sa pangisdaan. **CVAng**

"Maayong" resulta... mula sa pahina 3

dito e. Sana sumunod nalang kasi apektado 'yung produkto, magiging broken rice 'yon samantalang kapag sinunod mo ang tamang procedure lalabas talagang magandang produkto 'yon. Isipin din nila hindi lang 'yung kapakanan nila, kapakanan din sana ng farmers at ng kabuuan ng Dagohoy."

Ngayon, dahil sa pangyayari ay mas lalo pang naging istrikto ang

samahan sa pagsunod ng tamang procedure sa pagpapatuyo ng palay gamit ang flatbed dryer. Sinisiguro rin nila ang maayos na maintenance ng kanilang makinarya.

At upang maipakita sa mga magsasaka ang magandang dulot ng mga makinaryang ito, "Dito sa amin mura lang ang renta ng makinarya para masabi ng members namin na may

gobyernong tumutulong sa amin at para makita nila mayroong gobyernong gumagabay sa aming pagsasaka," wika ni Ecat.

Sa ngayon, nakikiisa ang lokal na pamahalaan ng Dagohoy sa pamamagitan ng mga ginagawang pagsasanay upang hikayatin at turuan ang mga magsasaka sa tamang paggamit at pagmementina ng mga makinarya tulad ng flatbed dryer.

**Patnugot
Manunulat
Lay-out at disenyo
Retrato
Tagapayo**

**Para sa karagdagang
impormasyon,
makipag-ugnayan sa:**

Bezt Gee S. Magararu
Christine V. Ang
Christine V. Ang
Danilo T. Esteves, Bezt Gee S. Magararu
Dir. Raul R. Paz, Dr. Rodolfo P. Estigoy, Engr. Don David T. Julian

Director IV, Philippine Center for Postharvest
Development and Mechanization (PHilMech),
CLSU Compound, Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel. Nos.: (044) 456-0282, 456-0213; 456-0282
e-mail: od.philmec@yahoo.com, od@philmec.gov.ph